# SA SUSUNOD NA TAON

Kailangan ang pag-alala sa mga katawan.
Silang naglaho't naririto ngayon sa pagitan,
Na kung mahihimati, nais lumanghap ng preskong hangin
Sa bukadkad ng umagang may tunog-ambon.

Sa hangin, hindi lang madilim na usok ng krematoryo,
Kundi ang taludtod ng mga sumargong pamamaalam.
Bawat magaspang na pamamanglaw, pagpalya ng hininga.
Sa ibang lupain, tumpok-tumpok na mga bangkay ang magkakasabay
Na sinilaban, maging ang samyo ng mababangong bulaklak,
Amoy tinustang buhok. Ganito nangyari ang pamamaalam
Sa mga minamahal. Nakatitimo pa rin ng lalamunan itong araw
Sa pila sa ayuda, habang may lumalanghap ng Katinko.
Ang kaayusan ng mga upuan sa labas,
Isang pag-eensayo sa distansya't pagkabagot.
Magdamag tayo sa pangangalumbaba dahil nasaid na
Ang garapon ng matatamis nating panaginip.
Umiimpit ang mga sikmura sa katanghalian.
Sa isip, nakikinita ang sariling katapusan sa ospital,
Na ang lahat ng bahagi kong ito'y magiging abo,
Na ang sugat, tinutungkab ng bughaw na pùngaw.
Napansin ko na kayrami kong inaalala.

Sa paanan ng Quince Martires, naghihintay akong magising si Haliya.
Umaasa na sa isang ihip niya, matutunaw ang salot sa hangin.
O kaya, ikuyom ito sa mahiwaga niyang kamao
At kapag malapit na itong malagutan ng hininga,
Ihuhulog ito sa pagitan natin habang pumupusag,
Malalapok ang interyor at matutunaw sa matinding init ng sinag.